The Bastion of Truth

Official newsletter of the Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines

April – June 2005 | No. 3

# Ang Hindi Nagbabagong EBANGHELYO sa Nagbabagong Panahon

## Inside This Issue:

*Truth for All Time* **2**

*Ang 'Synod of Dordt' laban sa Bulaang Ebanghelyo* **3**

*Ang Iisang Ebanghelyo sa Kasaysayan ng Biblia (1)* **7**

*'Absolute'* **9**

*Book Review: 'Saved by Grace'* **10**

*Katotohanan ang Magpapalaya* **14**

*Newsbit* **16**

# *Truth for All Time*

**Jude 3**

Kailangan ba natin ng bagong kapahayagan ng katotohanan para tiyak na maingatan ang ating buhay? Sapat na ba ang mga naitala sa Biblia upang maging tiyak ang kaligtasan ng ating mga kaluluwa?

Tila ba napakadaling sagutin ng mga tanong na ito lalo na sa ating mga nananatili sa pananampalatayang *Reformed*. Subalit kung iisipin natin ang mga taong iba ang paniniwala sa atin, hindi pa rin maiwasang makadama ng pag-aalinlangan at agam-agam. Para bang hindi sapat ang sagot na *"Oo"* o *"Hindi."* Hindi tayo napapayapa sa simpleng sagot na ito, lalo na kung ang batayan ay alam nating mula sa mga palagay o kuro-kuro lamang.

Ayon sa Panginoong Jesu-Cristo: *"...ito ang kalooban ng nagsugo sa akin na sa lahat ng ibinigay Niya sa akin ay huwag kong iwala ang anuman* (kahit isa), *kundi muli kong bubuhayin sa huling araw"* (Juan 6:39). Ang tiyak at kumpletong kaligtasan ng LAHAT NG MGA HINIRANG ay hindi nawawaglit sa isip ng ating mapagbiyayang Panginoon. Matatag ang pasya ng Diyos na wala isa man sa mga hinirang ang mapahamak, kaya sinadya Niyang ipahayag ng napakalinaw, walang kalituhan, at hindi nagbabago ang nag-iisang Ebanghelyong nakapagliligtas. Sa katunayan, ito rin ang kapahayagang nag-ingat sa mga apostol at unang mga mananampalataya upang wala isa man sa kanila ang mapahamak. Ang kapahayagang ito ay tinawag ni apostol Judas (hindi si Judas Iscariote na nagkanulo kay Jesus) na ***"pananampalatayang minsanang ibinigay sa mga banal"*** (Jude 3).

### May Katotohanan na Bago pa ang Panahon

Ang mensaheng tinutukoy ng apostol ay hindi isang mensaheng BIGLA na lamang naisip ng Diyos. Bago pa man likhain ang sanlibutan, nakapagpasya na Siya kung anong mensahe lamang ang gagamitin Niya upang ingatan ang kumpletong kaligtasan natin. Inaprobahan na ang Ebanghelyo ng Biyaya (Gawa 20:24) bilang *"kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampala-taya"* (Roma 1:16).

Bagama't ito'y kinamumuhian, tinutuligsa, at araw-araw na nilalapastangan ng mga di-mananampalataya, hindi pa rin ito mapigilan sa anumang panahon sa pagbubukas ng isip at puso upang *"sumampalataya ang lahat ng mga itinalaga sa buhay na walang hanggan"* (Gawa 13:48). Ito ang kinasangkapan ng Biyaya ng Diyos nang hinango Niya tayo't tinawag mula sa sumpa na dulot ng ating mga kasalanan. Kailanman ang Ebanghelyong ito ay hindi babaguhin ng Diyos, at hinding-hindi Siya muling magpapahayag ng mensaheng iba kaysa dito.

Bukod pa rito, ang pagkakatala ng Ebang-helyo sa Biblia ay patotoo na ang Diyos ay tiyak na tiyak sa Kanyang kalooban na biya-yaan ng walang hanggang kaligtasan ang lahat ng hinirang sa lahat ng panahon alang-alang kay Cristo. Maging ang mga hinirang na hindi pa binubuksan ang puso, at ang mga hinirang na hindi pa isinisilang ay dadalhin Niya sa pananampalataya sa iisang Ebanghelyong ito. Hinding hindi sila iiwanan ng Diyos sa kani-lang mga kasalanan.

### Ang Katotohanan ang Nangangalaga sa Hinirang

Ayon sa Roma 6:17, *"...bagama't kayo'y dating mga alipin ng kasalanan, kayo'y taos-pusong sumunod sa* ***anyo ng aral na doon ay ipinagkatiwala kayo´*** (ABAB). Nang dinala tayo ng Espiritu sa pagkaunawa at pananampa-lataya sa ipinahayag Niyang Ebanghelyo, ay ipinagkatiwala rin Niya tayo doon upang maingatan ang ating buhay at kaligtasan. Kung

nasaan ang Ebanghelyo naroon din ang mapagbiyayang kilos ng Espiritu, at kung nasaan ang Espiritu, ipinagtatanggol Niya ang Ebanghelyo sa buhay ng mga hinirang. Tayong mga nananatili sa mensaheng ito ay nakatitiyak na nasa atin ang Diyos sapagkat *"...ang nananatili sa aral ay kinaroroonan ng Ama at gayundin ng Anak."* (2 Juan 9 ABAB). Hindi hahayaan ng Panginoon na tayong Kanyang mga hinirang na dinala Niya sa pananampalataya sa Ebanghelyo ay muling malayo sa Kanya kaya aalalayan Niya tayo hanggang sa kaluwalhatian. Hindi na tayo dapat maghanap ng iba pang kapahayagan sapagkat sapat na ito upang ingatan tayo sa lahat ng masama sa ating kapanahunan.

Ang Ebanghelyo ay galing mismo sa puso ng Diyos na sa Kanyang biyaya ay niloob Niyang ipahayag sa ating mga makasalanan, kung kaya naman espesyal at mahal sa atin ang katotohanang ito. Hindi aalisin ng Diyos sa ating mga uhaw na puso ang naisin na palaging mapakinggan ito. Natutuwa tayo kapag naririnig nating ipinapangaral ito at kirot ang ating nararamdaman kapag binabaluktot naman ito ng iba. Bunsod nito, pinagsisisihan natin ang ating kabulaanan at pagsampalataya sa mensaheng iba at hindi galing sa Diyos, at pinagsisisihan natin ang ating pagtitiwala sa ating mga sariling pagsisikap at gawa, na gaya ng sinabi ni Apostol Pablo ay *"inari kong basura lamang, upang makamit ko si Cristo…"* (Filipos 3:8 ABAB). Sapat ang di-nagbabagong Ebanghelyo upang pigilan tayo na magyabang sa Diyos patungkol sa mga ginawa natin, at sa halip ay kilalanin ang ating kumpletong Tagapagligtas at *"kaisa-isa nating Pinuno at Panginoon na si Jesu-Cristo"* (Judas 4).

**Ang Katotohanan ang Nagtatagumpay**

Dahil sapat at makapangyarihan ang Ebanghelyo sa pagliligtas, ito ang sentro ng pag-atake ng diablo sa pamamagitan ng mga taong bumabaluktot nito at nangangaral ng iba kaysa dito, silang mga *"itinalaga sa kahatulan…*at…*pinapalitan ng kahalayan ang biyaya ng ating Diyos..."* (Judas 4). Gayun pa man hindi ito dahilan upang lukutin natin ang ating mga mukha sa lungkot, sapagkat itinalaga na ng Diyos ang tagumpay ng Ebanghelyo, at nagaganap na ito kahit ngayon dahil ang Diyos *"ang nag-iingat ng katotohanan magpakailanman"* (Awit 146:6). Hindi natin ito ipinagtatanggol sa pamamagitan ng ating sariling lakas dahil dudungisan lamang nito ang kinang ng Ebanghelyong ipinahayag ng Diyos sa atin. Ang totoo niyan, tayo mismo ang binibigyan ng lakas ng Ebanghelyo upang huwag mahiya sa paniniwala dito. Huwag nating ipagpalit sa mapanlinlang na turo ng diablo ang *"pananampalatayang minsanang ibinigay sa mga banal,"* upang huwag tayong mapabilang sa mga taong ngayon ay nagdurusa na sa impyerno dahil sa pagtanggi sa Tunay at Nag-iisang Ebanghelyo.

**Demolishing Arguments** 2 Cor. 10:5, 6

June F. Subior

# Ang 'Synod of Dordt' (1618-1619) laban sa Bulaang Ebanghelyo

Habang tumatakbo ang panahon maraming pagbabagong nagaganap. Ngunit itinakda ng Diyos na hindi mananaig ang sinumang magtatangkang baguhin ang mensahe ng Kanyang Ebanghelyo sa gitna ng mga pagbabagong ito. Ang sinuman na mangaral ng ibang ebanghelyo ay Kanyang sinusumpa. Sapagkat ang pangangaral at pagtanggap ng ibang ebanghelyo ay pagtalikod sa Kanya. Hindi tunay na ligtas kung gayon ang mga nangangaral at naniniwala sa bulaang ebanghelyo kaya

nga dapat tayong makatiyak na Ebanghelyo ng Diyos ang ating pinaniniwalaan (Gal. 1:6-9).

### Ang Ebanghelyo

Ang Ebanghelyo ay mensahe tungkol sa biyaya ng Diyos (Gawa 20:24) Ipinapahayag dito na ang Dios **lamang** ang nagliligtas sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang biyaya (*sovereign grace*) at walang kakayahan ang tao na gumawa ng mabuti upang siya ay kalugdan at tanggapin ng Diyos. Sa katotohanan, itinuturing ni apostol Pablo na nakadidiring dumi at kalugihan ang anumang gawang matuwid ng tao (*works righteousness*) bilang batayan ng kanyang katuwiran sa harapan ng Diyos. At itinuturo din ng Salita ng Diyos na huwag hahaluan ng anumang mensahe ng gawang matuwid ng tao ang dalisay na mensahe ng Biyaya ng Diyos (Rom. 3:10-18; Efe 2:8, 9; Fil. 3:8, 9; Rom. 11:4-6.)

### Pilit na Binago

Sa kasaysayan ng Iglesia tinangka ng maraming tao na haluan ng kasinungalingan ang Ebanghelyo ng biyaya ng Diyos. Isa na dito si **Jacobus Arminius**. Siya ay pinalaki ng dalawang *Reformed ministers* sapagkat maaga siyang naulila. Sa tulong din ng ilang mga negosyante, siya ay pinag-aral sa Unibersidad ng Geneva na tanyag na tanyag noon sa Kontinente ng Europa bilang sentro ng pag-aaral ng pananampalatayang *Reformed*.

Naging pastor siya sa kanyang bayan sa Oudewater, Netherlands at naging propesor ng Teolohiya sa Unibersidad ng Leiden. Ipinangaral niya ang kanyang mga pananaw sa tusong pamamaraan at sinamantala niya ang pagkakataon sa matabang lupa ng Unibersidad ng Leiden. Noong 1609 si Arminius ay pumanaw ngunit hindi ang kanyang mga katuruan. Ang mga naniwala sa kanya ay bumuo ng isang napaka-organisadong grupo at nagtalagang isulong ang **'Arminianismo'** upang maging opisyal na katuruan ng pananampalatayang *Reformed*. Ang tawag sa kanila ay ***'Remonstrants'***, na itinatag noong 1610 sa Gouda, Netherlands.

Ang paniniwala ng mga *Remonstrants* ay salungat na salungat sa Ebanghelyo ng Diyos. Sa isang artikulo ng kanilang pagpapahayag ng pananampalataya ay nakasulat ang ganito:

> *Na ang Dios, sa pamamagitan ng isang walang hanggan at hindi nagbabagong layunin kay Jesu-Cristong Kanyang Anak bago pa itatag ang sanlibutan, ay nagtakda, mula sa nahulog at makasalanang lahi ng mga tao, na iligtas kay Cristo, alang-alang kay Cristo at sa pamamagitan ni Cristo, iyong, sa pamamagitan ng biyaya ng Espiritu Santo ay sasampalataya dito, sa Kanyang Anak na si Jesus at magpapatuloy sa pananampalatayang ito at sa pagsunod ng pananampalataya, sa pamamagitan ng biyayang ito, hanggang sa huli, at sa kabilang dako, ay ipaubaya ang mapagmatigas at hindi sumasampalataya sa kasalanan at sa kapootan at hatulan sila bilang hiwalay kay Cristo sang-ayon sa salita ng ebanghelyo sa Juan 3:36, "Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios ay sumasakaniya" at sang-ayon din sa ibang talata ng Kasulatan.*

### Ang Ebanghelyo ayon sa mga Apostol

Sa unang tingin parang wala kang makikitang kamalian dito. Ganyan talaga ang mga mandaraya—hindi halata. Sa katotohanan ipinapahayag nila sa artikulong ito ang kanilang tahasang pagtanggi sa mensahe ng Ebanghelyo. Tinuturo nila na ang pagpili ng Diyos ay nakabatay at nakasalalay sa gagawing pananalig nila kay Cristo. Kung gayon, ang tao ang pumipili sa Diyos at hindi ang Diyos ang pumipili sa tao (Juan 15:16). Mapapahamak ang tao dahil umano hindi niya pinili o tinanggap ang Panginoong Jesus (bagamang totoo ito sa aspeto ng pananagutan at responsibilidad ng

tao). Ito ang kanilang pagpapaliwanag sa Juan 3:36.

Ayon sa *immediate context* ng Juan 3:36 ang pananampalataya ng isang tao ay bunga lamang ng pagkilos ng Diyos. Isinasaad sa unang mga talata gaya ng talatang 27 ang ganito: ***"Tumugon si Juan at nagsabi, hindi makakatanggap ng anuman ang isang tao maliban ito ay ipagkaloob sa kanya mula sa langit.****"* Sa talata namang 32 ipinapahayag na ang tao ay walang kakayahan na maniwala sa patotoo ng Panginoong Jesus. Ganito ang pagkakasabi ng Salita ng Diyos, *"Siya na nagpapatotoo sa Kanyang nakita at narinig at* ***walang sinoman ang tumanggap*** *sa kanyang patotoo."* Ngunit ang mga nananalig ay patunay lamang na totoo ang Diyos sapagkat sinasalita ng Panginoong Jesus ang Salita ng Diyos at ibinibigay ng Diyos ang Espiritu ng walang sukat (Juan 3:33-34).

Sino lamang ang mga maniniwala sa patotoo ng Panginoong Jesus? Ayon sa banal na Salita ng Diyos, ang Kanya lamang mga Hinirang na itinalaga sa buhay na walang hanggan ang siyang maniniwala. (Juan 17; Gawa 13:48; Rom 8:28-30; Efe. 1:4, 5; Pahayag 13:8; 17:8).

Hawak ng Dios ang takbo ng kasaysayan at hindi Niya hinayaan na mapahamak ang Kanyang Iglesiang hirang. Kaya upang ipagtanggol Niya ito laban sa banta ng kabulaanan isinaayos Niya ang mga pulitikal at panlipunang sitwasyon sa dako ng Europa upang magkaroon ng puwang ang pagkakatipon ng makasaysayang ***Synod of Dordt*** noong 1618 hanggang 1619. Ito ay mataas na pagtitipon (*Synod*) ng mga kinatawan ng mga simbahang *Reformed* mula sa iba't ibang estado ng Europa na ginanap sa Dordrecht (o Dordt), isang bayan sa Netherlands. Sa *Synod* na ito, sa isang daang porsyentong pagsang-ayon ng mga delegado ay kinundina bilang hidwang pananampalataya (*heresy*) ang 'Arminianismo' na isinusulong ng mga *Remonstrants*. At para sa kapakinabangan ng Iglesia at ng kinabukasan nito ay binalangkas nila ang ***Canons of Dordt*** kung saan mariin nilang nilabanan ang mga kasumpa-sumpa at mapanlinlang na aral ng Arminianismo: Nakasaad sa isa sa mga artikulo ng *Canons* (pamantayan) bilang pagtutol sa artikulong nabanggit sa itaas na:

> *Ang paghirang ay hindi nakabatay sa paunang nakitang pananampalataya, at pagsunod ng pananampalataya, kabanalan, o ano pa mang mabuting katangian o paguugali sa tao, bilang pangangailangan, dahilan, o kundisyon kung saan ito nakasalalay; kundi ang mga tao ay pinili tungo sa pagsampalataya at sa pagsunod ng pananampalataya, kabanalan, atbp. Sa gayon, ang paghirang ang siyang bukal ng bawat kabutihang pangkaligtasan, kung saan nagmumula ang pananampalataya, kabanalan at ang iba pang kaloob ng kaligtasan, at sa kahulihulihan ay buhay na walang hanggan nga, bilang bunga at epekto nito, sang-ayon sa apostol: "Ayon sa pagkapili Niya sa atin (hindi dahil tayo ay, kundi) upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan Niya sa pagibig" (Efe. 1:4). [****Canons: Head 1, Article 9****]*

### Isa pang Kasinungalingan

Ayon pa rin sa mga *Remonstrants* o mga *Arminians*, ang Panginoong Jesus ay namatay para sa lahat ng tao. Ganito ang isinasaad sa kanilang artikulo:

> *Na sang-ayon dito, si Jesu-Cristo na Tagapagligtas ng sanlibutan, ay namatay para sa lahat ng tao at sa bawat isang tao, nang sa gayo'y mayroon siyang kapatawaran sa kasalanan, bagamang walang ganap na nakikinabang sa kapatawarang ito sa mga kasalanan, maliban sa sumasampalataya lamang sang-ayon sa salita ng ebanghelyo sa Juan 3:16: "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa*

*kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." At sa unang liham ni Juan 2:2: "At siya ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan; at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng sa buong sanglibutan din naman."*

### Ang 'SANLIBUTAN' na Iniibig ng Dios

Ang salitang '**sanlibutan'** na ginamit sa Juan 3:16 ay hindi tumutukoy sa lahat ng tao. Kung sisiyasatin natin nang mainam ang salitang ito ay tumutukoy lamang ito sa mga mananampalataya. Sinasaad sa Juan 3:16 na mahal na mahal ng Diyos ang sanlibutan kaya isinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang ang sinuman na manalig sa Kanyang Anak ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Isinugo Niya ang Panginoong Jesus hindi upang hatulan ang 'sanlibutan' kundi sa pamamagitan din Niya ay maligtas ang sanlibutan. (Juan 3:17). Kung ang salitang 'sanlibutan' ay tumutukoy sa lahat ng tao na hindi na hahatulan, kung gayon ang lahat ng tao ay mapupunta sa langit at lahat ay sasampalataya sa Panginoong Jesus. Ngunit hindi ito ang ibig ipakahulugan ni apostol Juan sapagkat may mga taong hindi sumasampalataya at nahatulan na dahil inibig nila ang kadiliman. Sila ang mga itinakwil at hindi inibig ng Diyos. Kung gayon ang sanlibutan na lubos na inibig ng Diyos, kung kanino Niya ibinigay ang bugtong Niyang Anak upang sila ay iligtas at hindi hahatulan ay ang ***sanlibutan ng mananampalataya lamang.*** Sila ang mga hinirang ng Diyos na itinalaga na maniwala sa patotoo ng Panginoong Jesus at tiyak na kikilusin ng Diyos (Juan 3:21; Gawa 13:48). Tungkol sa mga hinirang na ito ay nanindigan ang *Synod of Dordt* habang sinasawata nila ang kamalian ng Arminianismo:

*Sapagkat ito ang makapangyarihang panukala ng ganap na mapagbiyayang kalooban at layunin ng Dios Ama, na ang pagbibigay-buhay at nakapagliligtas na bisa ng pinakamahalagang kamatayan ng Kanyang Anak ay iniukol sa lahat ng Kanyang mga hinirang, sa paglalaan sa kanila lamang ng kaloob ng pananampalatayang nagpapawalang-sala, at sa pamamagitan nito ay tiyak na ihatid sila sa kaligtasan; iyon ay niloob ng Dios na si Cristo sa pamamagitan ng dugo ng krus, kung saan pinagtibay ang bagong tipan, ay matagumpay na magtutubos mula sa lahat ng pangkat ng lahi, angkan, bansa at wika silang lahat at sila lamang na mga pinili mula sa panahong walang hanggan tungo sa kaligtasan at mga ibinigay sa Kanya ng Ama… [**Canons: Head 2, Article 8**]*

### Ebanghelyo—Ang Diyos Lamang ang Tagapagligtas

Ang Arminianismo ay walang iba kundi ang paglapastangan, pagwawalang-bisa, at pagwasak sa ginawang pagliligtas ng Panginoong Jesus. Batay dito hindi mailigtas ng Panginoong Jesus ang pinaglaanan Niya ng buhay maliban na lamang kung sila ay 'magdedesisyon' na maniwala at tanggapin ang ginawa Niyang pagliligtas. Lumalabas na mas makapangyarihan ang desisyon ng taong makasalanan kaysa sa ginawa ng Panginoon na banal. Lumalabas din na dalawa ang tagapagligtas—ang Diyos at ang tao. Ito ay malaking kalapastanganan at insulto sa mukha ng Diyos!

Ang katubusang ginawa ng Panginoong Jesus ay para sa Kanyang hinirang lamang. Ang Pangionoong Jesus ay talagang nagliligtas at makapangyarihan sa Kanyang ginawa doon sa Krus ng Kalbaryo. Hindi Siya naghihintay sa gagawing desisyon ng tao (dahil wala Siyang maaasahan dito) kundi matagumpay na ilalapat at ipararanas ng Banal na Espiritu ang Kanyang ginawang pagliligtas (Mat. 1:21; 20:28; Juan 10:11; Juan 17; Isaias 53).

### 'Arminianismo': Bulaang Ebanghelyo

Hindi hinayaan ng Dios na tuluyang ma-

linlang at mapahamak ang Kanyang Iglesia dahil sa mga huwad at mandarayang guro ng bawat panahon. Kaya itinindig Niya ang makasaysayang *Synod of Dordt* upang papagtagumpayin ang katotohanan. Ang katuruan ng Arminianismo ay kinundena na bilang bulaan at di ayon sa mensahe ng Ebanghelyo ng ating mga ninuno sa pananampalataya na nagkatipon sa bayan ng *Dordt* noon pang mga taong 1618 at 1619. Gayon pa man, bagamang nahatulan na ang kamaliang ito ay lumalaganap pa rin ito sa karamihan ng mga iglesia sa daigdig sa sumunod na bahagi ng kasaysayan hanggang ngayon. Kaya hindi kami tumitigil sa pakikiusap at pagbibigay babala sa lahat na **ang sinomang maniwala sa huwad na ebanghelyo ay kasumpa-sumpa sa Diyos at tanda na siya ay di-ligtas.** Sa habag ng Dios, tumitindig kami bilang patotoo, gaano man kahina ang aming boses, na may nag-iisa at tunay na Ebanghelyo na ipinapahayag ang Dios sa pagtakbo at pagbabago ng panahon. Tandaan, **magbago man ang panahon hindi nagbabago ang Ebanghelyo ng Diyos**.

**Our Gospel Stand** Philippians 1:27

Alex M. Aquino

# *Ang Iisang Ebanghelyo sa Kasaysayan ng Biblia*

*(Part 1)*

Nakamamangha na ang Biblia, na siyang paksa ng mga pagtatalo at inaangking batayan ng pangangaral sa kasalukuyang panahon, ay hindi lamang simpleng tala ng kapahayagan ng isip at kalooban ng Dios sa tao, kundi ito'y tala din ng kasaysayan ng Kanyang makapangyarihang pagkilos at pamamahala sa buong buhay nila sa mundong kanilang kinalalagyan sa loob ng mahabang panahon. Isipin mo na lang—maaari namang minsanan na lamang ipasulat ng Dios ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng isang tao tulad ng pagkakasulat sa *Qur'an* ng Islam, ngunit sa Kanyang di malirip na karunungan ay hindi ganito ang Kanyang ginawa. Bagkus, naisulat ang buong Biblia sa pagitan ng hindi kukulanging 1,500ng taon ng humigit-kumulang 40ng may-akda mula sa iba't ibang propesyon at kapanahunan at marami sa kanila ang hindi man lang nagkatagputagpo. Subalit ang higit na nakamamangha ay hindi sila nagkasalungatan sa kanilang isinulat! Ito ay dahil sa iisa lamang ang Dios na nangusap sa kanila at iisa lang ang panukalang ipinahayag Niya sa kanikanilang kapanahunan. Dahil dito'y iisa lamang ang mensahe ng Biblia at hindi ito nagbago ni napalitan, lumipas man at magbago ang mga kapanahunan.

Nakababahala lamang na maraming mapangahas ang nagtuturo at inililigaw ang marami sa kanilang kongklusyon na nagbabago o nagpapalit ng pakikitungo (*dealings*) ang Dios sa tao sa iba't iba nilang kapanahunan partikular sa larangan ng Kanyang pagliligtas. Tulad na lamang halimbawa ng mga *theologians* na nagtuturo na may dalawang pakikipagtipan ang Dios sa tao: Tipan ng Gawa at Tipan ng Biyaya. Sa aral na ito ay ipinapalagay nila na magagawang kamtan ni Adan ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng kanyang posibleng pagsunod sa utos ng kanyang Manlilikha (*Covenant of Works*). Subali't natunghayan natin na nabigo siya dito kaya 'niremedyuhan' at 'tinatapalan' ng Dios ang problema sa pamamagitan ng pagtatakda kay Cristo na Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang handog (*Covenant of Grace*). Hindi ba't lumilitaw na sa ganitong sistema ay nagkakamali ang Dios at mayroon Siyang dalawang layunin? ang iligtas ang tao sa pamamagitan ng gawa at sa

kabilang dako ay sa biyaya? Mayroon ding nagmamalaki na '*we are* ***rightly dividing the word of truth***' na nagtuturo ng higit pa sa isang pamamaraan (o *dispensations*; karaniwan ay pito ang mga ito) ng Dios hinggil sa kaligtasan sa buong kasaysayan ng tao. Ito ay kilala sa taguring *Dispensationalism* at maraming *evangelical, 'born-again'* at mga kulto ang biktima nito, alam man nila ang terminolohiyang ito o hindi. Isang sanga ng kaisipang ito ay ang katuruan na ang kaligtasan sa Lumang Tipan ay sa pamamagitan ng pagtupad sa kautusan at sa Bagong Tipan ay sa pamamagitan ng biyaya lamang. Ngunit tampok sa aral ng *Dispensationalism* ay ang pagkabigo ng Dios sa bayan Niyang Israel hinggil sa pagtanggap sa kanilang Mesias kaya bumaling siya sa 'iglesia'. Babalikan Niya umano ang Kanyang orihinal na plano sa Israel sa pagbabalik ni Cristo upang pagharian sila sa loob ng isang milenyo (literal na 1,000ng taon). Muli, lumalabas na nagkakamali ang Dios; na mayroon Siyang higit pa sa isang layunin; na mayroon Siyang *Plan A, Plan B, etc.*, na hawig sa lapastangang aral ng kilusang 'Dating Daan' ni Eli Soriano.

Ang lahat ng ito ay sumisira sa katotohanan ng *sovereignty* at *grace* ng Dios at pawang pandaraya ng *'ama ng mga kasinungalingan'* (Juan 8:44) at makabubuti sa iyo na suriing maigi ang iyong kinatatayuan. Sinisikap ng artikulong ito na patunayan na ang *'boong kapasiyahan ng Dios'* (Gawa 20:27) o ang *'evangelio ng biyaya ng Dios'* (Gawa 20:24) ay iisa at hindi nagbabago kahit nagbabago ang panahon.

### Ang Ebanghelyo sa Paraiso

Sa simula pa lamang ay utang na ng ating mga magulang na sina Adan at Eva ang kanilang buhay at pagkatao sa biyaya ng Dios. Wala silang ginawa para sa Dios upang gantimpalaan Niya sila ng anomang kabutihan. Ang paglingkuran Siya ang kanila ng kasiyahan at walang katapat na gantimpala (Lucas 17:10). Pinatunayan ng Dios na ang lahat ay utang nila sa Kanyang biyaya nang 'itakda' Niya ang pagpasok ng kasalanan at pagkahulog ng tao upang makita nila na hindi nila makakayang kamtan ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng kanilang sarili, kahit pa sa matuwid nilang kalagayan. Ito ay dahil lamang sa kagandahan ng kalooban ng Dios na ibayo Niyang ipinamalas nang **hatiin** Niya ang napahamak at nahatulang buong kalahian ng tao sa paglalagay Niya ng 'pakikipag-alit' (Genesis 3:15) sa pagitan ng binhi ng diyablo at binhi ng babae. Ito ang kauna-unahang kapahayagan ng mapagbiyayang pangako ng Dios sa pagbubukod Niya sa Kanyang mga hinirang para sa kanilang katubusan o ang tinatawag ng Biblia na 'Ebanghelyo'.

Sa kanilang pagkahulog, namalayan ni Adan at Eva ang kanilang kahubaran at kahihiyan. Sa kanilang hangal na inisyatibo ay nagtahi sila ng mga dahon ng igos upang takpan ang kanilang kahubaran (Genesis 3:7). Ito ang kauna-unahang pagsisikap ng tao na solusyonan ang kanyang kapahamakan ayon sa sarili niyang inisyatibo at pananaw. Simula noon ay kumatha na ang mga tao ng kanikanilang paraan ng pagliligtas sa sariling kapahamakan. Subalit isa lamang ang tamang paraan na ipinahayag ng Dios—katumbas ng buhay at dugo ng (mga) walang muwang na hayop ay gumawa ang Dios ng mga kasuotan mula sa mga ito upang bihisan ang mag-asawa. Ang kanilang kahihiyan ay natakpan nga ngunit katumbas nito'y buhay at dugo ng inosente. Ito ay larawan ng darating na 'kaganapan' ng pagtutubos sa "binhi ng babae" na pinangakuan ng Dios ng buhay na walang hanggan.

***Sundan sa pahina 12...***

***Editorial Note:***
*Every contributor is solely responsible for the contents of his own article. Translations of articles published in a foreign language are also the sole responsibility of the translator.*

***Editorial Staff:*** *Ronald R. Santos, Romel V. Espera, Regine P. Capinig, Alex M. Aquino, Christian Joy B. Alayon* ***Office:*** *146 Batasan-San Mateo Rd. Batasan Hills, Quezon City* ***Tel:*** *430-61-50*

# *"Absolute"*

Yamang noong nakaraang isyu ng *The Bastion of Truth* ay napag-aralan natin ang salitang *Gospel*. Ngayon naman ay mahalagang pag-aralan natin ang isang *theological word* na kaugnay ng G*ospel* na bagama't kadalasang ginagamit ng mga *theologians* ay waring binabalewala o tahasang tinatanggihan ito sa kasalukuyang panahon. Ang salitang ito ay **"*Absolute*"** na kadalasang ikinakabit upang tukuyin ang isang bagay na hindi nagbabago tulad ng *"absolute truth,"* at *"absolute gospel".* Sa salitang *absolute truth* ay walang tumututol ngunit ang nakapagtataka kapag ang '*absolute'* ay ikinabit sa '*gospel*' (at ito nga'y "*absolute gospel*") ay marami kaagad ang tututol at ang iba'y may pangungutya pang tinatawag na "*absolutists*" ang mga naniniwala sa *absolute gospel*. Kanilang kinakatwiran na hindi raw ginamit ang salitang *'absolute'* sa Biblia. Ito'y parang pangangatwiran ng isang bata. Sapagkat marami tayong tinatanggap na katotohanan na ang mismong kataga ay wala sa Biblia, tulad ng "*Trinity", "Great Commission", "Golden Rule"* at iba pa. Gayun pa man, napapanahon na tignan natin ang kahulugan ng salitang *absolute*. Dapat nga bang ikabit ang "*absolute*" sa "*gospel*"?

Sa ***Random House Webster's Unabridged Dictionary*** ganito ang nakatala hinggil sa salitang "*absolute*":

ab·so·lute (ab´sə lo͞ot′, ab′sə lo͞ot´), *adj.*
**1.** free from imperfection; complete; perfect: *absolute liberty.*
**2.** not mixed or adulterated; pure: *absolute alcohol.*
**3.** complete; outright: *an absolute lie; an absolute denial.*
**4.** free from restriction or limitation; not limited in any way: *absolute command; absolute freedom.*
**5.** unrestrained or unlimited by a constitution, counterbalancing group, etc.,
in the exercise of governmental power, esp. when arbitrary or despotic:
*an absolute monarch.*
**6.** viewed independently; not comparative or relative; ultimate; intrinsic:
*absolute knowledge.*
**7.** positive; certain: *absolute in opinion; absolute evidence.*

**Antonyms:** 1**.** imperfect, flawed. 2**.** mixed, diluted, contaminated. 4**.** qualified. 6**.** relative.

Sa ***New Vicassan's English-Pilipino Dictionary*** ay ganito ang pagkakatala:

**Absolute**: *adj*. **1.** Lubos; ganap; buo:/*absolute truth:* lubos na katotohanan/ **2.** Walang-takda:/*absolute power:*walang-takdang kapangyarihan/ **3.** Puro; dalisay, walang-halo:/*absolute alcohol:* purong alcohol/ **4.** May-lubos na kapangyarihan. **5.** Tiyak; pangwakas; di-mapasusubalian.


Kung sisipagan lamang ng mga tumututol sa pagtawag sa Ebanghelyo bilang *"absolute"* na buksan ang kanilang diksiyunaryo, mapa-*English* o mapa-Tagalog, ay makikita nila na ang lahat ng kahulugan ng salitang "*absolute*" ay mga katangian mismo ng Tunay na Ebanghelyo. Sa *English Dictionary* ay ang mga sumusunod ang ipinapakahulugan sa salitang '*absolute'*: "free from imperfection", "complete", "perfect", "not mixed or adulterated", "pure", sa Tagalog *Dictionary* naman ay ganu'n din: lubos, ganap, buo, puro, dalisay walang-halo, tiyak, di-mapapasubalian! Ano ang mga ito? Walang iba kundi maituturing na mga katangian ng Tunay at nag-iisang Ebanghelyo. Ang Ebanghelyo ng Diyos ay perpekto

yamang ang Diyos na nagbigay nito ay perpekto. Ang Ebanghelyo ay kumpleto o lubos at walang halong kahit katiting na kasinungalingan o kamalian. Ang Ebanghelyo ay ganap at tiyak, hindi nagbabago sa lahat ng sitwasyon at sa lahat ng kapanahunan. Iisa ang Ebanghelyong ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng makasalanang tao, kaya nga mariing sinabi ni apostol Pablo na *"... kami o isang anghel mula sa langit ang mangaral sa inyo ng ebanghelyo na iba sa aming ipinangaral sa inyo, hayaan siyang sumpain! ... kung sinuman ay mangaral sa inyo ng ebanghelyo na iba kaysa inyong tinanggap na ay hayaan siyang sumpain!"* (Galacia 1:8-9).

Kaya nga ang sagot natin sa tanong na "Dapat nga bang iugnay ang *'absolute'* sa *'gospel'*?" ay Dapat na dapat! upang sa ating kapanahunan ay ating maihiwalay ang tunay sa palsipikadong ebanghelyo. Ang Tunay na Ebanghelyo ay "*Absolute Gospel*!" Ang bulaang ebanghelyo ay pabagu-bago, at nahahaluan ng maliliit hanggang sa malalaking kasinungalingan at kamalian. Ang Tunay na Ebanghelyo ay purong katotohanan lamang. Kaya nga, nangangamba ako sa mga tumututol na tawaging '*absolute'* ang '*gospel'* na ang dahilan ng kanilang pagtutol ay ang kanilang pananalig sa ebanghelyong may halong katotohanan at kasinungalingan na sa panukat ni apostol Pablo ay ibang ebanghelyo at hindi ang Tunay na Ebanghelyo o sa madaling salita ay bulaang ebanghelyo. Ngunit sa panig natin na tinawag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Ebanghelyo ay isigaw natin na ang "*Absolute Gospel*" lamang ang Ebanghelyong nakapagliligtas!

**Book Review**

Dario Luna



# *Saved by Grace*

**Ronald Cammenga at Ronald Hanko**

© 1995, *Reformed Free Publishing Association Grandville, Michigan 2nd Edition*

**Buod ng Aklat**

Ang aklat na ito ay isang pag-aaral sa *absolute sovereignty* ng Dios at sa *Five Points of Calvinism*. Binubuo ito ng anim na kabanata (*chapters*) kung saan ang una ay ginugol sa katotohanan ng *sovereignty* ng Dios at ang nalalabing lima ay pagpapaliwanag sa bawat *'Point'* ng *Calvinism*.

Binibigyang-diin ng mga may-akda na ang kakaibang katangian ng pananampalatayang *Reformed* ay walang alinlangang ang pagkakakilala nito sa Dios: *"What we believe about God matters most."*

Ang makilala ang Dios, ayon sa kanila, ang kataastaasang layunin ng tao at ang kanyang pinakamataas na kabutihan. Kapag hindi kilala ng tao ang Dios hindi niya maluluwalhati at ikalulugod Siya. Ang makilala ang Dios ang siyang pinakamataas na pagkatawag ng tao. Ang kaligtasan mismo ay binubuo ng pagkakilala sa Dios.

Ang *sovereignty* ng Dios ang pinakatampok na isyu na nagtatangi sa tunay na relihiyon laban sa huwad na relihiyon. Ang *sovereignty* ng Dios ay ang ganap Niyang kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng bagay. Ginagawa ng Dios ang Kanyang kagustuhan, tanging ang Kanyang kagustuhan lamang at laging ang Kanyang kagustuhan.

Na ang Dios ay *sovereign* ay nangangahulugang Siya ay Panginoon, Tagapamahala at Amo. Siya na nagpapahayag ng *sovereignty* ng Dios ay nagpapahayag na Siya ay makapang-

yarihan sa lahat at Siyang tanging makagagawa sa langit at lupa. Walang lumalabas sa *'control'* ng Dios bagkus ang lahat ng bagay ay nangyayari ayon sa Kanyang kalooban at pagtatakda.

Ang *sovereignty* ng Dios ay umaabot sa mga walang halagang ibon, at sa mga buhok sa ating ulo, sa hamog, kidlat, ulan, hangin, at lindol. Sa kalahatan Siya ay *sovereign* sa buong sangkalikhaan. *Sovereign* Siya sa kasalanan at sa makasalanan subalit hindi Siya ang may-akda ng kasalanan.

### *The Five Points of Calvinism*

Ang tinatawag na *Five Points of Calvinism* ay ang buod ng katotohanan ng *sovereignty* ng Dios sa kaligtasan ng tao.

### *Total Depravity*

Ang Doktrina ng *Total Depravity* (ganap na pagkamakasalanan) ang una sa *Five Points of Calvinism* na kinakatawan ng letrang **"T"**. Inilalarawan ng doktrinang ito ang pagkamakasalanan at miserableng kundisyon ng tao—kasamaan, kabuktutan, paghihimagsik at hilig sa kasalanan. Bunga ito ng unang pagkakasala ni Adan. Sakop nito ang buong kalahian ng tao at sa lahat ng bahagi ng buhay ng tao.

### *Unconditional Election*

Ito ang ikalawang punto na kinakatawan ng letrang **"U"**. Ang *Election* o paghirang ay ang eternal o walang hanggang pagpili ng Dios sa tiyak na bilang ng mga tao at ang layunin nito ay ang iligtas sila. Ito ay walang kundisyon dahil hindi ito bumabatay sa anoman sa tao o sa dapat niyang gawin. Ito ay dahil lamang sa kagandahan ng kalooban (*grace*) ng Dios. Ang batayan ay matatagpuan lamang kay Jesu-Cristo at sa Kanyang pagpapakasakit at kamatayan bilang Anak ng Dios.

### *Limited Atonement*

Ito ang ikatlong punto ng *Calvinism* na kinakatawan ng letrang **"L"**. Itinuturo ng Biblia ang doktrinang ito tungkol sa gawa ni Cristo sa krus at ang tagapakinabang ng gawang ito ay ang mga hinirang—ang bayan ng Dios. Si Jesu-Cristo ay namatay sa krus para lamang sa limitadong bilang ng tao na mga pinili ng Dios. Gayon pa man, ang kamatayan ni Cristo ay hindi kailan man limitado sa kapangyarihan at kahalagahan. *Sovereign decree* ng Dios ang iligtas ang ilan at hindi ang iba pa.

### *Irresistible Grace*

Ang doktrina ng *Irresistible Grace* o ang mabisang biyaya ay ang ikaapat sa *Five Points of Calvinism* na kinakatawan ng letrang **"I"**. Ang *Irresisitble Grace* ay salungat sa maling aral na ang kaligtasan ay nakasalalay sa kahuli-hulihang desisyon ng tao (*free-will*). Itinuturo ng *Calvinism* na matagumpay na ililigtas ng biyaya ng Dios ang tao at hindi ito matatanggihan. Ang biyaya at kaligtasan ay hindi matatanggihan. Kapag ipinasiya ng Dios na iligtas ang tao, ang taong iyon ay maliligtas nga.

### *The Perseverance of the Saints*

Ang huli sa *Five Points of Calvinism* ay kinakatawan ng letrang **"P"**. Sinasagot nito ang mga katanungang kung ang mga minsan ng sumampalataya at naligtas ay magpapatuloy ba sa kaligtasan hanggang wakas. Nangangahulugan ito na sila na minsang sumampalataya ay tiyak na makakarating sa langit. Maraming *Calvinists* ang pinipiling tawagin ito na *Perseverance of the Saints* upang iayon sa ibang punto kung saan ang pagliligtas ng Dios ay binibigyang diin at ang buong kaligtasan ay biyaya lamang simula una hanggang huli.

Iniingatan ng Dios ang lahat ng Kanyang mga pinili at tinubos at kung saan sa kanilang puso ay kumilos Siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng hindi matatanggihang biyaya (*irresistible grace*).

### Mga Pagsusuri at Puna

Mainam na sa pasimula pa lamang ng aklat ay nililinaw na ng mga *authors* na ang

puso ng *Calvinism* ay ang *sovereignty* ng Dios. Madali kasing gumawa ng karikatura ang mga kaaway ng Ebanghelyo tungkol sa *Calvinism* tulad ng katha lamang daw ito ng isang tao at hindi aral ng Biblia. Ang iba naman ay makitid ang pagkakaalam tungkol dito at pumapasok kaagad sa isip nila ang *predestination* at *reprobation* kapag nabanggit na ang *Calvinism*.

Mahusay ang sistema ng mga may-akda sa paglalahad ng bawat doktrina at ginamit nila ang magkakatulad na paraan sa bawat *chapter*. Una ay inilalahad nila ang Biblikal na kahulugan (*definition*) ng bawat doktrina. Pagkatapos ay iisa-iisahin nila ang mga talata sa Biblia na tumutukoy sa naturang doktrina. Tinitiyak nila na naipapaliwanag ang bawat talata at tumutukoy nga sa doktrinang pinag-aaralan at hindi ito maihihiwalay sa konteksto nito (*taken out of context*). Sa ganitong paraan ay hindi sila nahuhulog sa kamalian ng mga kulto at mga hidwang pananampalataya na pumupulot o 'sumisitas' lamang ng *verses* upang pruwebahan ang kanilang maling aral. Hindi rin sila umiiwas sa mga mahihirap na talata sa Biblia na wari'y sumasalungat sa doktrinang kanilang binibigyang-diin. Ipinapaliwanag nila ito at inilalantad ang pagkakamali ng mga nagbibigay ng maling pakahulugan sa mga ito. Bukod pa dito ay inuunahan na nilang sagutin ang mga posibleng pagtutol sa mga doktrina. Hindi rin nila ipinagkakait sa kanilang mga mambabasa ang mga kilusan, teyolohiya o relihiyon (*Pelagianism, Semi-Pelagianism, Arminianism, Common Grace, Free-willism, Modernism, etc.*) na kumakalaban sa mga Biblikal na doktrinang ito kaya bukod sa positibong pagkakaunawa sa mga doktrina ay tumitindig din sila laban sa mga kamaliang ito. Ang kahangahanga pa dito ay ibinilang nila ang praktikal na kahalagahan at pagsasabuhay ng bawat doktrina sa bawat mananampalataya at sa buhay ng iglesia nang sa gayon ay hindi masisilo ang mambabasa sa tinatawag na *head knowledge* na nagbubunga lamang ng mga *Dead Calvinists*. At marahil ay ang masasabi kong pinakakapuripuri sa lathalaing ito ay ang maingat na pag-uugnay ng mga *authors* sa bawat *Point* ng doktrina sa iba pang mga doktrina nang sa gayon ay isang buo at organisadong katotohanan ang naipaparating. Kaya walang makapagsasabing siya ay *'four-point'* o *'three-point' Calvinist* kundi dalawa lamang ang mapagpipilian niya—tatanggapin niya lahat o tututulan niya lahat ng mga doktrinang ito.

Bagamang isinulat sa wikang Ingles, ang aklat na ito ay madali namang mauunawaan ng mga mambabasa, sila man ay pastor o miyembro sa mga iglesia. Sinamahan pa ito ng isang *Study Guide* (hiwalay na aklat) upang makapagpaalala sa mga mambabasa at maituro ito sa okasyon ng mga *Bible studies*.

Ang aklat na ito ay malaking kapakinabangan sa pastor o miyembro o sa sinumang tapat na nagnanasa na makilala ang tunay na Dios ng Biblia para sa kanyang ikatitibay sa biyaya ng Dios (1 Pedro 5:12). Ito ay buong puso kong iniririkumendang basahin at pag-aralan nang personal o kasama ng isang grupo.

---

## *…Iisang Ebanghelyo sa Kasaysayan…* *(Mula sa Pahina 8)*

### Kina Cain at Abel

Umusbong ang ikalawang henerasyon, ngunit namulat ito sa labas ng Paraiso at nagsimula na ring umiral ang inihayag na sumpa at pangako sa diyablo at sa babae. Palibhasa'y kinikilala ang kanyang pagiging makasalanan, naghandog si Abel sang-ayon sa iisang paraan ng Dios: ang paghahandog ng tupa na nagpapaalala sa kanya na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan at mayroong 'Isa' na darating na mag-aalay ng buhay para sa Kanyang mga hinirang (Gen. 4:4). Ngunit ang kapatid niyang si Cain ay inulit ang kahangalan ng kanilang mga magulang nang gumawa sila ng sarili nilang paraan (o ibang ebanghelyo) upang luna-

san ang kanilang kahatulan. Iginiit ni Cain ang kanyang sariling kagustuhan, pananaw at paraan ng paglapit sa Dios: ang paghahandog ng mga bunga ng lupa (4:3). Dahil dito kinakatawan niya ang napakaraming nagpapahayag ng relihiyon na batay sa kanilang sariling pang-unawa at paraan at hindi sa tunay at tanging Ebanghelyo. Kinalugdan ng Dios ang handog ni Abel samantalang tinanggihan ang kay Cain na nagbunsod dito na paslangin ang kanyang kapatid. Hindi ba't ito rin ang ginagawa ng kanyang lahi sa kasalukuyan? Ang pagtawanan, laitin at puksain ang 'kakaunting' nanghahawakan sa katotohanan?

### Kay Noe at ng Baha

Lumipas ang mahabang panahon at ang lahi ng matuwid na si Seth (kapalit ni Abel) ay nabighani at nalinlang, kung hindi man inusig silang nanindigan para sa katotohanan, ng likong lahi ni Cain (Gen. 6:1-5). Napuno ng karahasan ang mundo at nahinog sa mabagsik na kahatulan. Subalit bilang pagsasakatuparan sa pakikipag-alit ng binhi ng babae laban sa binhi ng diyablo ay iningatan ng Dios si Noe at ang sambahayan nito. Upang makaligtas sa sukdulang kasamaan ng mga tao, nagpagawa ang Dios ng daong sang-ayon sa Kanyang mga **eksaktong sukat** at panuto (Gen. 6:14-18) at hinding hindi ayon sa inisyatibo at pagkukusa ni Noe. Dumating ang malawakang baha na nagpalutang sa daong at nagligtas sa sambahayan ni Noe at lumipol sa lumang sanlibutan. Muli ay ipinahayag ng Dios na iisa lamang ang Ebanghelyo ng kaligtasan. Ito ay mula sa Kanya at hindi ayon sa paliwanag ng tao.

### Kay Abraham at ng Pangako

Nagsimula nang panibago ang sanlibutan ngunit habang lumalaking muli ang sangkatauhan na taglay pa rin sa kanyang kalikasan ang kasalanan ay nilimot nila ang ginawa ng Dios noong panahon ng baha. Nagsipagkatha sila ng sarili nilang dios at sinamba ang mga ito at nagsipaghaka ng kanikaniyang paraan ng kaligtasan. Isa sa mga ito na mananamba sa mga diosdiosan ay si Abraham. Subalit sa paraang hindi matatanggihan (*irresistibly*) ay hinango siya sa kasamaang ito at tinawag siya ng Dios upang dumako sa Lupang Pangako. Hindi ito dahil mas matuwid siya sa iba, kundi ito ay dahil sa malayang pagpili (*unconditional election*) at mabuting kalooban (*grace*) ng Dios. Ipinangako sa kanya at sa kanyang 'Binhi' (na ang tinutukoy ay ang Mesias at lahat ng sumasampalatya sa Kanya: Galacia 3) na sa pamamagitan niya ay pawawalang-sala (*justify*) ang maraming bansa. Ito ang tunay at nag-iisang Ebanghelyo na ipinauna nang ihayag sa panahon niya (Galacia 3:6-9): Ebanghelyong hindi sa pamamagitan ng *free-will*, gawa o merito ng taong patay sa kasalanan kundi dahil lamang sa biyaya ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.

### Kay Moises at ng Kautusan

Itinakda din ng Dios na aalipinin ang binhi ni Abraham sa Egipto (Gen. 15:13), muli, bilang pagpapatuloy ng pakikipag-alit ng binhi ng babae laban sa binhi ng diyablo. Isinugo ng Dios si Moises, ang tagapagpalaya na anino ng Tagapagpalayang (*Deliverer*) darating sa takdang panahon. Lumaya ang bayang Israel mula sa kalupitan ni Faraon, hari ng Egipto, kasangkapan ng diyablo. Ipinaalala ng Dios na ginawa Niya ito sa kanila hindi dahil sila ay nakahihigit sa sinoman kundi sila ay pinili Niyang mahalin mula sa Kanyang malayang kalooban. (Deuteronomio 7:6-9). Sa proseso ng kanilang paglalakbay ay ibinigay ng Dios ang Kanyang mga utos. Salungat sa maling akala ng maraming relihiyon, ang mga banal na utos na ito ay hindi maaaring maging daan upang ikaligtas ng makasalanan, kundi upang makita nila ang kanilang kasamaan at pangangailangan ng tunay na Tagapagligtas o Tagapagpalaya sa kanilang kasalanan (Gal. 3:19-25). Hindi nagbago ang Ebanghelyo sa pagbibigay ng mga utos, kundi lalo pang pinatunayan ng mga ito ang panga-

ngailangan sa biyaya ng Dios na ipinapahayag ng tunay at tanging Ebanghelyong ito.

### Kay Haring David

Sa pagkakatatag ng paghahari sa bayang Israel nakipagtipan ang Dios kay Haring David at sa kanyang 'Binhi' na magtatatag ng Kanyang kaharian magpakailanman (hindi si Solomon ang kaganapan nito kundi iba pa). Sinasabing *'kung siya'y gumawa ng kasamaan, aking sasawayin siya ng pamalo ng mga tao, at ng panghampas ng mga anak ng tao'* (2 Samuel 7:12-16). Tinutukoy nito ang darating na Tagapagligtas mula sa laman ni David na bagamang hindi nagkasala ay aako at magdadala ng kasalanan at kahatulan ng Kanyang mga hinirang upang ihatid sila sa buhay na walang hanggan upang pagharian sila ng Dios magpakailan man. Hindi pa rin nagbabago ang Ebanghelyo. Ito'y sa pamamagitan pa rin ng malayang kapasyahan at biyaya ng Dios at hindi sa kakayanan at pagkukusa ng tao. Ang nag-iisang Ebanghelyong ito ang siyang paksa ng pangangaral ng mga propeta ng Matandang Tipan at siyang tanging pag-asang ipinauna na nila sa kanilang mga propesiya habang papalapit ng papalapit ang panahon ng katuparan ng una ng ipinangako ng Dios sa Paraiso.

### Sa Bagong Tipan

Sa pagsapit ng panahon ng Bagong Tipan ang katuparan ng pangakong ito ay nag-umapaw sa pangangaral ng mga apostol at hindi sila papipigil na ipahayag ang kanilang nakita at narinig kahit na pag-uusig at kamatayan ang nakaabang sa kanila. Winika ni Pablo, *'Si Pablo na alipin ni Jesucristo, na tinawag na maging apostol, ibinukod sa* ***evangelio*** *ng Dios, na kaniyang* ***ipinangako nang una*** *sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta* ***sa mga banal na kasulatan****, tungkol sa kaniyang Anak, na ipinanganak sa binhi ni David ayon sa laman…'* (Roma 1:1, 2). Sa pagdating ng Panginoong Jesus at sa Kanyang pagpapakasakit at kamatayan sa krus at muling pagkabuhay, Siya ang 'Binhi' na ang sakong ay dinurog ng diyablo subalit dinurog naman Niya ang ulo nito (Gen. 3:15).Tinupad ng Dios ang Kanyang pangako na ililigtas Niya ang Kanyang bayang hirang (*elect*) o ang Kanyang iglesia bago pa man likhain ang sanlibutan dahil lamang sa Kanyang sarili at malayang kapasiyahan at hindi sa kakayanan o pagkukusa ng makasalanan.

Lumilipas at nagbagobago ang panahon ngunit hindi nagbago ang pagkilos ng Dios alangalang sa Kanyang bayang hinirang. Hindi nagbago ang Kanyang layunin at plano, kaya hindi nagbago ang Kanyang Ebanghelyo. Pinatutunayan nito na ang ating Dios ay hindi nadadaig at nabibigo ng mga pasiya ng tao. Hindi siya napapatangay sa pagbabago at mga pagkabigo ng tao. *'Sapagka't ako, ang Panginoon, ay hindi nagbabago…'* (Malakias 3:6) ang wika Niya at ito ang palagi nating pinanghahawakan at pinangangatawanan.

**(*Part 2—Sundan sa susunod na issue*)**

**Beware: False Gospels** Galatians 1:6-9

Ronald R. Santos

# *Katotohanan ang Magapapalaya*

Minsan pa ay ipinapaalala sa mambabasa na ang layunin ng lathalaing ito ay hindi upang manira ng relihiyon o maging ng ibang sekta kundi ihantad ang mga kabulaanang bumubulag sa sangkatauhan sa pag-asang ang mga biktima ng bulaang ebanghelyo ay *"baka sakaling pagkalooban ng Diyos ng pagsisisi tungo sa* ***pagkakilala sa katotohanan****, at sila'y* ***matauhan*** *at* ***makawala*** *sa bitag ng diyablo na bumihag sa kanila upang gawin ang*

*kanyang kalooban."* (2 Timoteo 2:25). Taglay rin ang pag-asang *"tayo'y hindi na maging mga bata, na tinatangay-tangay ng mga alon at dinadala-dala ng bawat hangin ng aral, sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang katusuhan sa para-ang mapandaya. Kundi* ***humawak sa katotohanan*** *na may pag-ibig…"* (Efeso 4:14).

### Bulaang Ebanghelyo sa Kamay ng mga 'Mahuhusay'

Iba-iba ang katangian ng mga nagtuturo ng bulaang ebanghelyo, may mga ganid ngunit mayroon naman talagang mga *sincere*; May mga magaspang ang ugali ngunit mayroon din namang pino ang pag-uugali; May mga walang pinag-aralan ngunit mayroong mga matataas ang pinag-aralan; May mga hindi marunong magsalita ngunit mayroong napakahuhusay at matatamis ang dila. Ang lason ng bulaang ebanghelyo ay mas makamandag kapag ito'y umaagos sa pananalita ng mga *sincere*, pino ang ugali, matataas ang pinag-aralan at napakahuhusay at matatamis ang dila ngunit mga bulaang mangangaral kaysa sa mga walang 'binatbat' na bulaang mangangaral. Sa kamay ng mga bulaang mangangaral na mataas ang pinag-aralan, ang katotohanan ay kayang-kaya nilang baluktutin upang maging kasinungalingan; at ang kasinungalingan naman ay buong galing nilang itinuturong waring katotohanan (Marcos 7:7-9, 13). Tandaan natin ang babala ng Panginoong Jesu-Cristo nang sabihin Niya na ang mga bulaang mangangaral ay *"NAPAKAHUSAY gumawa ng pamamaraan para maisantabi ang utos ng Diyos…"* Mas lalong dapat nating pakinggan ang babala ng Panginoon sa ating kapanahunan, sapagkat mukhang mas higit pang pinahuhusay ng mga bulaang mangangaral ang pagbabaluktot sa Ebanghelyo ng katotohanan. Ang ebanghelyong itinuturo ng mga "mahuhusay" na maisantabi ang utos ng Diyos ay bulaang ebanghelyo.

### Bulaang Ebanghelyo ay *'Relative'* o *'Subjective'*

Isang napakahusay na paraan nila sa pagbabaluktot sa katotohanan ay palambutin ang katotohanang ang Ebanghelyo ng Diyos ay iisa at hindi nagbabago (*absolute*). Bagama't aaminin nila na iisa ang Ebanghelyo ngunit kaagad namang ituturo na iba-iba naman daw ang interpretasyon o paliwanag sa Ebanghelyo. *"Kanya-kanyang pang-unawa lamang iyan, iyan ang pagkaunawa mo, ito naman ang pagkaunawa ko"* iyan ang wika nila. Sa madaling salita, para sa kanila ang Ebanghelyo ay "*relative*" at hindi "*absolute*" o kaya'y ito'y "*subjective*" at hindi "*objective*." Ang ebanghelyong pabagobago dahil sa pananaw ng tao ay bulaang ebanghelyo.

### Ang Ebanghelyong Nagbabago ay Bulaang Ebanghelyo

Ang mga ninuno daw natin ay naunawaan ang Ebanghelyo sa mababaw na paraan dahil sa kakulangan ng mga 'iskolar' na pag-aaral, ngunit sa pag-inog ng makabagong panahon, may mga 'dalubhasang' pagkaunawa na sa Ebanghelyo. Halimbawa, isang pastor na nakapag-aral sa isang "sikat" na seminaryo ay 'mala-iskolar' na nagpahayag na ang mga paliwanag hinggil sa ebanghelyo ng ating mga ninuno ay "*obsolete*" o luma na, yamang kulang daw ang kanilang kaalaman kung ihahambing sa ngayon, noon daw ay "*Calvinism*"[1] ang kanilang pinaniwalaan kasi iyon lang ang abot ng kanilang pang-unawa ngunit dahil sa dami na ng 'iskolar' at bagong mga pamamaraan ng pag-aaral ng Biblia ay umangat ang paniniwala sa mas maayos na katuruan na tinatawag niyang

---

[1] "***Calvinism***" ay mas kilala sa tawag na *"Doctrines of Grace"* o Ebanghelyo sa *acronym* na TULIP. Bagama't masasabing hindi angkop na tawaging *Calvinism* ang Ebanghelyo ay tinatanggap na rin ang katagang ito kung malinaw sa mga gumagamit nito na hindi ito nagmula kay John Calvin (1509-1564) kundi siya lamang ang nagbigay diin sa mga ito noong panahon ng Reporma, kaya sa kanya ipinangalan ang katotohanang ito na itinuturo ng Biblia.

The Bastion of Truth

**The Bastion of Truth** is a newsletter published quarterly as a ministry of the Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines. Copies may be obtained from the nearest local B.T.R. Church.

"*Arminianism*."[2] Ano ba ito, 'iskolar' na pananaw sa ebanghelyo? Hindi! Ito ang sinasabi ng Panginoon na mahusay na paraan ng tao para isantabi ang Salita ng Diyos. Ang Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos ay hindi kailanman nagbabago. Ang ibinigay ng Diyos sa mga propeta at apostol at ipinaunawa Niya sa ating mga ninuno ay ganap at lubos at hindi nagbabagong Ebanghelyo kahit na sa makabagong panahon (*tignan ang artikulo ni Alex Aquino sa pahina 7*). Ang ebanghelyong nagbabago sa takbo ng panahon ay bulaang ebanghelyo!

### Ang Bulaang Ebanghelyo ay *'Balance'* (?)

Isa pang paraan ng pagpapalambot sa Ebanghelyo ay ituring ito na isang katotohanang may iba't ibang interpretasyon. Tulad ng itinuturo ng isang tinitingalang pastor na ang "*Calvinism*" at "*Arminianism*" daw ay dalawang pananaw sa isang ebanghelyo kaya hindi dapat pagtalunan. Isa pang *Pentecostal pastor* naman ang may pagmamayabang na nagsabi na ang "*Calvinism*" at "*Arminianism*" ay dalawang "*extremes*" ng pananaw sa isang ebanghelyo at ang kanilang denominasyon ay nasa 'gitna' ng dalawang *extremes* na ito, ngunit ang '*inclination'* ay patungo sa "*Arminianism,*" na ipinahihiwatig na sila lamang ang "*balance*". "*Balance*" nga ba ito? Paano mo iba-'*balance'* ang katotohanan at kasinungalingan, may 'gitna' ba ang 'Tama' at 'Mali'. Meron! Ito'y Mali pa rin. Ang '*balance'* ng katotohanan at kasinungalingan ay kasinungalingan pa rin. Oo, ang katotohanan at kasinungalingan ay dalawang '*extremes*'. 'Pag wala ka sa katotohanan ikaw ay nasa kamalian, kahit na ikaw ay nasa gitna pa o nasa dulo. Gayun din kung wala ka sa kasinungalingan, ikaw ay nasa katotohanan. Ang ebanghelyong nagpipilit na maging "*balance*" sa paningin ng tao, ay bulaang ebanghelyo!

[2] "***Arminianism***" ay katuruang pinasikat ni Jacobus Arminius (1560-1609) noong panahon ng Reporma na salungat sa TULIP; na ang pinabuod na baluktot na katuruang ito ay ang kakayahan ng tao na iligtas ang kanyang sarili matapos na si 'cristo' ay mamatay para sa lahat ng tao na nagbigay ng pagkakataon sa lahat na maligtas. Ito'y bulaang ebanghelyo.

### Sumpa ng Diyos para sa Bulaang Ebanghelyo; Kaligtasan sa Tunay at Di Nagbabagong Ebanghelyo!

Ano ang mga ito? Wala nang iba kundi mga katuruan ng tao na nagpapanggap na turo ng Diyos. Ang mga ito'y kabulaanan na nagmula pa sa kaisipan ng diablo na ang pinakalayon ng mga pamamaraang ito ay maisama sa tusong paraan ang lason ng *"free will"* ng tao sa Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos. Mga mambabasa, wala ng iba pang paraan ang ginagamit ng Diyos sa pagtawag sa Kanyang mga inililigtas kundi ang hindi nagbabagong Ebanghelyo ng Kanyang Biyaya. Katotohanan lamang at hindi kailanman kasinungalingan ang kinikilala ng Diyos. Suriin mo kung ikaw ay nasa katotohanan o nasa kasinungalingan. Mag-ingat ka sa mga bulaang ebanghelyo na maghahantad sa iyo sa sumpa ng Diyos. Sumampalataya ka sa hindi nagbabagong Ebanghelyo at ikaw ay maliligtas!

## Newsbit

Sa panahong ito ay sinasamantala ng ating mga pastor at manggagawa ang kanilang regular na buwanang pagtitipon upang panariwain sa kanilang isipan ang kanilang natutunan sa larangan ng *preaching*. Bunga ito ng kumbiksyong ang matapat na pangangaral ang kinakasangkapan ng Dios sa ikapagtatagumpay ng Kanyang ministeryo. Ito ay sa pagtuturo at gabay ni Ptr. Ronnie Santos.